**ANG IYONG MGA KARAPATAN AT REMEDYO**

DR 1000 TAG (Rev. 05/2022)

Kung may mga tanong o isyu habang ikaw ay isang aplikante o konsumidor ng Kagawaran ng Rehabilitasyon (Department of Rehabilitation, DOR), makipag-usap sa iyong Rehabilitation Counselor. Maaari ka ring humiling ng isang hindi pormal na pakikipagpupulong sa Team Manager ng iyong Rehabilitation Counselor.

May karapatan kang humiling ng administratibong pagsusuri sa Administrador ng Distrito. Maaari ka ring humingi, gaya ng nakasaad sa ibaba, ng administratibong pagsusuri kasabay ng isang pormal na kahilingan para sa pagpupulong na may tagapamagitan (mediation) at/o patas na pagdinig. Gayunpaman, ang karamihan sa mga problema ay mareresolba nang di pormal at mas mabilis sa antas ng distrito. Maaari kang magsama ng miyembro ng pamilya, iba pang kinatawan, o tagapagtaguyod sa anumang oras na makikipagpulong ka sa kawani ng DOR.

**PROGRAMANG TULONG SA KLIYENTE.** Upang maghanap ng tagapagtaguyod o para sa impormasyon tungkol sa mga serbisyo sa rehabilitasyong bokasyonal o sa proseso ng apela, maaari kang tulungan ng Programang Tulong sa Kliyente (Client Assistance Program, CAP) na pinangangasiwaan ng Disability Rights California. Ang impormasyon ay available sa website ng Disability Rights California http://www.disabilityrightsca.org/ (http:www.disabilityrightsca.org), sa telepono sa 800-776-5746 o 800- 719-5798 TTY/TDD (Telecommunication Device for the Deaf and Hard of Hearing), o sa website ng DOR (http:www.dor.ca.gov).

**May karapatan kang gawin ang alinman sa mga sumusunod na hakbang sakaling magkaroon ng mga isyu:**

**REHABILITATION COUNSELOR.** Karamihan sa mga hindi pagkakaunawaan at mga isyu ay maaaring malutas sa pamamagitan ng pagtalakay sa mga ito sa iyong Rehabilitation Counselor. Responsibilidad mong ipaalam sa iyong Rehabilitation Counselor na mayroong isyu.

**TEAM MANAGER.** Kung naniniwala ka na hindi ninyo mareresolba ng iyong Rehabilitation Counselor ang isyu, maaari kang humiling ng hindi pormal na pakikipagpupulong kasama ang Team Manager upang talakayin ang isyu.

**ADMINISTRATIBONG PAGSUSURI.** Maaari kang humiling ng administratibong pagsusuri ng Administrador ng Distrito sa loob ng isang taon ng aksyon o desisyon. Magbibigay ng desisyon sa administratibong pagsusuri sa loob ng 15 araw ng kalendaryo mula sa petsa ng iyong kahilingan, maliban kung sinasang-ayunan mo ang kalaunang petsa. Kung hindi ka sumasang-ayon sa isang desisyon sa administratibong pagsusuri, maaari kang maghain ng kahilingan para sa patas na pagdinig sa loob ng 30 araw ng kalendaryo pagkatapos matanggap ang nakasulat na desisyon ng iyong administratibong pagsusuri.

**PAGPUPULONG NA MAY TAGAPAMAGITAN (MEDIATION).** Ang pagpupulong na may tagapamagitan (mediation) ay isa pang opsyon para sa paglutas ng mga hindi pagkakaunawaan sa DOR. Maaari kang maghain ng kahilingan para sa kumpidensyal na pagpupulong na may tagapamagitan sa loob ng isang taon ng pagkilos o desisyon ng DOR na hindi mo sinasang-ayunan. Makakatulong sa iyo ang isang kwalipikado at walang kinikilingan na tagapamagitan na makahanap ng mga solusyon na kasiya-siya sa iyo at sa DOR. Kung pumayag ang DOR na mamagitan, isasagawa ang pagpupulong sa loob ng 25 araw sa kalendaryo mula matanggap ang kahilingan, maliban kung sinang-ayunan mo ang kalaunang petsa. Ang isang nakasulat na kahilingan para sa pagpupulong na may tagapamagitan at/o patas na pagdinig ay maaaring ihain nang sabay-sabay.

**PATAS NA PAGDINIG.** Kung hindi ka nasisiyahan sa anumang aksyon o desisyon ng DOR na may kaugnayan sa iyong aplikasyon o pagtanggap ng mga serbisyo sa rehabilitasyong bokasyonal, maaari kang maghain ng kahilingan para sa isang patas na pagdinig sa loob ng isang taon ng aksyon o desisyon ng DOR o sa loob ng 30 araw ng kalendaryo mula sa pagtanggap ng nakasulat na desisyon ng iyong administratibong pagsusuri (tingnan sa itaas). Ang patas na pagdinig ay gaganapin sa loob ng 60 araw ng kalendaryo mula nang matanggap ang iyong nakasulat na kahilingan, maliban kung sinang-ayunan mo ang kalaunang petsa. Sa pagdinig, maaari kang personal na humarap, at maaari kang masamahan ng isang kinatawan o tagapagtaguyod na iyong pinili. Maaaring maging kapaki-pakinabang sa iyo na tapusin muna ang proseso ng administratibong pagsusuri o pagpupulong na may tagapamagitan (tingnan sa itaas) bago humiling ng patas na pagdinig. Kung hindi ka nasisiyahan sa desisyon sa patas na pagdinig, maaari kang maghain ng Writ of Mandate sa Superior Court ng California sa loob ng anim na buwan mula ng ibigay ang desisyon.

Upang humiling ng pagpupulong na may tagapamagitan at/o patas na pagdinig, kumuha ng form DR 107 Request for Mediation and/or Fair Hearing (Kahilingan para sa Pagpupulong na may Tagapamagitan at/o Patas na Pagdinig) mula sa isa sa mga sumusunod na opsyon: kontakin ang DOR Mediation and Fair Hearing Office sa pamamagitan ng telepono sa 916-558-5860 o sa pamamagitan ng email sa DOR Appeals Info (appealsinfo@dor.ca.gov); bisitahin ang website ng DOR (http:www.dor.ca.gov); o kontakin ang tagapagtaguyod ng CAP (tingnan ang impormasyon sa pakikipag-ugnay sa CAP sa itaas).

**DISKRIMINASYON.** Kung naniniwala ka na ang DOR o ang kontratista o grantee nito ay labag sa batas na nagdiskrimina sa iyo dahil sa isa o higit pa sa mga sumusunod na protektadong kategorya, ang iyong lahi, kulay ng balat, relihiyon, ninuno, kapansanan sa pangangatawan o pag-iisip, bansang pinagmulan, kondisyong medikal, genetic na impormasyon, oryentasyong sekswal, katayuan sa pag-aasawa, edad, sekswalidad, kasarian, pagkakakilanlan ng kasarian, pagpapahayag ng kasarian, katayuang militar, o katayuan ng pagiging beterano o paghihiganti, may karapatan kang isagawa ang mga sumusunod na opsyon: 1) Gumawa ng pasalita o nakasulat na kahilingan para sa administratibong pagsusuri sa Administrador ng Distrito, na nangangasiwa sa opisina kung saan nakatalaga ang iyong kaso. Dapat kasama sa kahilingan ang: iyong pangalan, address, at numero ng telepono; ang pangalan at titulo ng taong inirereklamo; paglalarawan ng di-umano'y diskriminasyon; ang protektadong kategorya; at ang remedyong hinihingi. 2) Direktang maghain ng reklamo tungkol sa diskriminasyon sa Tanggapan para sa mga Karapatang Sibil (Office of Civil Rights, OCR) ng DOR. Para sa higit na impormasyon o para makakuha ng form para sa reklamo tungkol sa diskriminasyon, direktang kontakin ang OCR ng DOR sa pamamagitan ng telepono sa 916-558-5850 o sa pamamagitan ng email sa OCR@dor.ca.gov. 3) Maghain ng reklamo sa Office for Civil Rights ng U.S. Department of Education. Para sa higit na impormasyon, direktang kontakin ang Office for Civil Rights ng U.S. Department of Education sa pamamagitan ng telepono sa 800- 421-3481 o sa pamamagitan ng email sa OCR@ed.gov.

Ang mga kahilingan para sa administratibong pagsusuri at mga reklamo ng diskriminasyon ay dapat gawin sa loob ng 180 araw mula sa petsa ng sinasabing diskriminasyon.

**DISKRIMINASYON O PANGHA-HARASS BATAY SA KASARIAN.** Kung naniniwala kang nadiskrimina o hinarass ka o ang ibang indibidwal na may kapansanan ng DOR o ng kontratista o grantee nito batay sa kasarian – kasama ang oryentasyong sekswal, pagkakakilanlan sa kasarian, pagha-harass na sekswal, karahasang sekswal gaya ng panggagahasa, pag-atakeng sekswal, pambubugbog na sekswal, at sekswal na pamimilit, may karapatan kang pursigihin ang mga sumusunod na opsyon sa ilalim ng Title IX of the Education Amendments Act of 1972 (Title IX): 1), kontakin ang Chief ng OCR at Title IX Coordinator sa pamamagitan ng koreo sa 721 Capitol Mall, Sacramento, California 95814, sa pamamagitan ng email sa OCR@dor.ca.gov, o sa pamamagitan ng telepono sa 916-558-5850; maaari ka ring mag-ulat ng impormasyon na mayroon ka tungkol sa potensyal na pangha-harass sa pamamagitan ng pag-iwan ng voicemail para sa OCR at ng Title IX Coordinator sa 916-857-9175; 2), maghain ng reklamo sa Office for Civil Rights ng U.S. Department of Education; maaari kang direktang makipag-ugnay sa Office for Civil Rights ng U.S. Department of Education sa pamamagitan ng telepono sa 800-421-3481 o sa pamamagitan ng email sa OCR@ed.gov.